# AKO IKAW SIYA

**3-B** Kasanayan: Nagagamit nang wasto ang ako, ikaw siya

**Kawanihan ng Paaralang Elementarya**
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
Manila, Philippines

Ang Modyul na ito ay bahagi ng isang serye ng mga Modyul sa Ingles, Filipino at Matematika. Inihanda ito ng Sangay ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-elementarya sa pagtataguyod ng PRODED. Ang mga kagamitang ito'y sadyang inihanda upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan, gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Corporation (IMC). Ang bawat Modyul ay may kabuuang pamaraan ng pagtuturo at magagamit ito hindi lamang sa pagpapatibay o pagpapayaman ng kaalaman kung hindi maaari ring gamitin sa paglinang ng bagong aralin. Ang mga kagamitang ito na may iba't ibang antas ay iminumungkahing gamitin sa mga paaralang elementarya ng bansa.


*Mga Manunulat*

Isaura S. A. Vale - Chairman
Estelita B. Capina
Nancy G. Almario
Merlita A. Nolido
Irene C. de Robles
Aurea S. Duran
Zenaida Z. Tolentino
Ester P. Academia
Elizabeth J. Escano
Yolanda G. Bartolome
Ricardo F. Fadero

*Mga Kasangguni*

Dr. Pablo E. Natividad
Miss Gloria V. Baylon
Miss Lorenza Abellera

*Mga Taga-ugnay ng Proyekto*

Alvenia P. Palu-ay
Chona D. Castano

*Mga Tagaguhit*

Leo A. Cultura
Jessica C. Pascua
Roehl Guittap
Glenn R. Arriola
Felipe D. Vale

*Mga Katulong sa Paghahanda*

Remedios G. Pardo
Eufrosina R. Lontoc
Carmen B. Ocang
Nelia S. Javier
Marilou P. Lucas
Roberto S. Silfavan
Florante L. Manganti
Victorio Calilong
Rolando Liwanag

Dr. Lidinila M. Luis-Santos
*Assistant Project Director*

Dr. Marcelina M. Miguel
*Project Director*

Edith B. Carpio
*PRODED National Program Manager*
*Assistant Director*
*Bureau of Elementary Education*

Dr. Juanita S. Guerrero
*Director*
*Bureau of Elementary Education*




Piliin ang titik ng mga pantawag sa tao.

Halimbawa:

a. babae
b. bukas
c. anak

Sagot: a
c

Magsimula rito:

a. nars
b. bibe
c. dito
d. ale
e. guro
f. Nanay
g. Sabado
h. Mama
i. Tatay
j. Lolo
k. Jose
l. pera




A. Pag-aralan mo ang kasunod na mga larawan.

Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba:




1. Sino ang tinatanong ni Pepe? Si Rod
2. Ano ang sagot ni Rod? Ako
3. Sino ang tinatanong ni Nena? Si Ana
4. Ano ang sagot ni Ana? Ako
5. Sino ang gumagamit ng ako? Ang nagsasalita

B. Narito pa ang ibang sinabi ni Rod at Ana.

1. Ako si Rod.
2. Ako ang taya.
3. Ako naman si Ana
4. Ako ang hahabol kay Rod

| |
|---|
| Ang ako ay ginagamit sa pagtukoy sa sarili. |

B.




1. Sino ang kausap ni Ben? Si Nena.
2. Ano ang sagot ni Ben kay Nena? Ikaw
3. Sino ang kausap ni Jose? Si Rosa
4. Ano ang sagot ni Jose kay Rosa? Ikaw
5. Kanino ginagamit ang ikaw? Sa kausap.

Narito pa ang ibang sinabi ni Ben kay Nena.

1. Ikaw si Nena, di ba?
2. Ikaw raw ang tutula.

Narito pa ang ibang sinabi ni Jose kay Rosa.

1. Ikaw pala si Rosa.
2. Ikaw ang kakanta.

| |
|---|
| Ang ikaw ay ginagamit sa pagtukoy sa kausap. |

K.




1. Sino ang nag-uusap? <u>Sina Fe at Fred.</u>
2. Sino ang kanilang pinag-uusapan? <u>Si Rene</u>.
3. Ano ang sagot ni Fred sa tanong ni Fe? <u>Siya.</u>
4. Kanino ginagamit ang siya? <u>Sa pinag-uusapan.</u>

Narito pa ang ibang sinabi ni Fred kay Fe.


1. Fe, <u>siya</u> si Rene.
2. <u>Siya</u> ay kaibigan ko.
3. Kalaro ko <u>siya</u>.
4. Magiging kalaro mo rin <u>siya</u>.

| |
|---|
| Ang <u>siya</u> ay ginagamit sa pagtukoy sa taong pinag-uusapan. |





Tingnan ang larawan.
Lagyan ng ako, ikaw o siya ang patlang sa pangungusap.

Halimbawa:




Ako si Jose.

Magsimula rito:



1. _____ si Beybi.




2. _____ si Nardo.



3. _____ ba si Nena?



4. _____ si Maria.




5. _____ ba si Mario?

Pagsasanay B

Tingnan ang larawan.
Basahin ang pangungusap.
Piliin ang titik ng wastong sagot.

Halimbawa:



__a__ ang nanay ni Jose.


a. Ako b. Ikaw c. Siya

Magsimula rito:




1. ______ naman ang Tatay.

a. Ako b. Ikaw c. Siya




2. ______ po si Mario.

a. Ako b. Ikaw c. Siya



3. ______ pala si Mario.

a. Ako b. Siya c. Ikaw




4. ______ po naman si Belen.

a. Ako b. Siya c. Ikaw



5. ______ ang iyong Tiya Nena.

a. Ako b. Siya c. Ikaw.




A. Buuin ang usapan.

Isulat ang ako, ikaw o siya sa patlang.

Halimbawa:





Magsimula rito:






B. Tingnan ang larawan:

Piliin ang titik ng wastong sagot sa patlang.




1. ______ ang bago kong kaibigan, Inay.

a. Ako  b. Ikaw  c. Siya




2. ______ ang maglampaso ngayon.

a. Ako  b. Ikaw  c. Siya




3. _____ na po ang magluluto, Inay.

a. Ako b. Ikaw c. Siya



4. Mario, _____ pala ang tinawag ng guro, ah!

a. Ako b. Ikaw c. Siya



5. Bing, binigyan ko na _____ ng pera.

a. Ako b. Ikaw c. Siya